Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa

# PATNUBAY SA MISA

21 Setyembre 2025 | Ika-25 Linggo sa Karaniwang Panahon | Taon K

PAMBANSANG BUWAN NG KATEKESIS/ LINGGO NG LAIKO

## KATALINUHANG MAKALANGIT ANG ATING KAILANGAN



*Ipinahihiya ng katalinuhan ng mga taong abala sa kamunduhan ang mga naniniwala di-umano sa kabilang buhay. Ang pagkamalikhain at sipag ng mga taong mangangalakal ay ibang-iba sa tahimik at kampanteng pamumuhay ng mga tinatawag na "banal." Malungkot na katotohanan ito noon pa mang panahon ni Hesus. At para nga labanan ang gayon kung kaya ikinuwento niya ang talinghaga sa Mabuting Balita natin ngayon.*

*Hinahamon tayo ngayong magsikap na malutas ang maraming problemang kinakaharap ng sangkatauhan. Para sa higit na ikabubuti ng lipunan, hinahamon tayong magtrabaho nang tapat, itaguyod ang katarungan, at samantalahin para sa kabutihan ang lahat ng ating pagkakataon.*

*Sa Eukaristiyang ito, hilingin natin ang biyayang kailangan upang maitatag natin ang paghahari ng Diyos sa pamamagitan ng pagtataguyod sa katarungan at wastong pagpapahalaga sa anumang bagay na materyal.*

### PASIMULA

#### Pambungad

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Sabi ng Poong Maykapal, ako ang s'yang kaligtasan ng hirang kong sambayanang tinutugon ko sa dasal na sagipin sa kaaway.**

#### Pagbati

***P*** –Ang pagpapala at kapayapaan mula sa Diyos na Ama natin at sa Panginoong Hesukristo nawa'y sumainyo.

***B*** – **At sumaiyo rin.**

#### Pagsisisi

***P*** – Mga kapatid, tinipon tayo bilang mga kaanib ng angkan ng Diyos. Kaya dumulog tayo sa maawaing Panginoong nagpapatawad na lubos. *(Manahimik sandali.)*

***P*** –Sinugong Tagapagpagaling sa mga nagsisisi, Panginoon, kaawaan mo kami.

***B*** –**Panginoon, kaawaan mo kami.**

***P*** –Dumating na tagapag-anyayang mga makasalana'y magsisi, Kristo, kaawaan mo kami.

***B*** –**Kristo, kaawaan mo kami!**

***P*** –Nakaluklok ka sa kanan ng Diyos Ama para ipamagitan kami. Panginoon, kaawaan mo kami.

***B*** –**Panginoon, kaawaan mo kami.**

***P*** – Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

***B*** – **Amen.**

#### Papuri

***B*** – Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen.

This issue of ***Patnubay sa Misa*** for free from www.wordandlife.org. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word And Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us a copy of the deposit slip with your name and (email) address for proper acknowledgment. See contact details on the last page. Thank You!

### Panalanging Pambungad

*P*–Ama naming makapangyarihan, itinakda mong ang lahat ng mga utos mo ay mauwi sa pag-ibig sa iyo at sa kapwa tao. Ipagkaloob mong sa pagtalima namin sa mga ito, kami'y pagindapatin mong sumapit sa buhay na walang katapusan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
*B*– **Amen.**

## PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

**Unang Pagbasa** *Amos 8:4-7*

*Malinaw na mali ang malabis na paghahangad sa salapi ng mga mangangalakal sa ating Unang Pagbasa ngayon. Para sa atin, ito rin ay isang hamong magtuon sa pagpapalago ng ating buhay espirituwal.*

*L*–Pagbasa mula sa Aklat ni Propeta Amos

**Pakinggan ninyo ito, kayong sumisikil sa nangangailangan at kayong umaapi sa mga dukha.**

**Ang sabi ninyo sa inyong sarili, "Inip na inip na kaming matapos ang mga araw ng pamamahinga. Hindi tuloy namin maipagbili ang aming mga inani. Kailan ba matatapos ang Araw ng Pamamahinga, para mailako namin ang mga trigo? Tataasan namin ang halaga, gagamit kami ng maling takalan at dadayain namin sa timbang ang mga mamimili. Sa halaga ng isang pares na sandalyas, aming bibilhin bilang alipin ang taong dukha. Pati tulyapis ng trigo ay ipagbibili namin sa mataas na halaga."**


**Sumumpa ang Panginoon, ang Diyos ng Israel: "Hindi ko na maipatatawad ang masasama nilang gawa."**

Ang Salita ng Diyos.
*B*– **Salamat sa Diyos.**

**Salmong Tugunan**
*Sal 112:1-2.4-6.7-8*

***B*–Purihin ang Poong Diyos na sa dukha'y nagtatampok.**

*R. M. Velez*







* **Ang Poo'y purihin! Dapat na magpuri ang mga alipin, ang ngalan ng Poon ay dapat purihin. Ang kanyang pangalan ay papurihan, magmula ngayo't magpakailanman.** ***B.***

* **Siya'y naghahari sa lahat ng bansa, lampas pa sa langit ang pagkadakila. Walang makatulad ang Panginoong Diyos, na sa kalangitan doon naluluklok; buhat sa itaas siya'y tumutunghay, ang lupa at langit kanyang minamasdan.** ***B.***

* **Mula sa alabok ang mga mahirap, sa pagkalugami ay itinataas. Sa mga prinsipe ay isinasama, nagiging prinsipe ang mga lingkod n'ya. B.**

**Ikalawang Pagbasa** ***1 Tim 2:1-8***

*Ang kaisahan ng Diyos at Kanyang pag-ibig sa lahat ng tao, na itinampok sa isang Tagapamagitan na si Hesukristo, ay bahagi ng pinakabuod ng ating pananampalatayang Kristiyano. Sa maririnig natin ngayon, inilalapat ni Pablo ang mga pahiwatig ng panlahat na pag-ibig ng Diyos sa panalangin, lalo na para sa lahat ng nanunungkulan.*

*L*–Pagbasa mula sa Unang Sulat ni Apostol San Pablo kay Timoteo

**Pinakamamahal ko, una sa lahat, ipinakikiusap kong paabutin ninyo sa Diyos ang inyong kahilingan, panalangin, pamanhik, at pasasalamat para sa lahat ng tao. Gayon din ang gawin ninyo para sa mga hari at mga maykapangyarihan upang makapamuhay tayo nang tahimik at payapa, marangal at may kabanalan.**

**Ito ang mabuti at nakalulugod sa Diyos na ating Tagapagligtas na ang ibig ay maligtas ang lahat ng tao at makaalam ng katotohanan. Sapagkat iisa ang Diyos at iisa ang tagapamagitan sa Diyos at sa mga tao, ang taong si Kristo Hesus na naghandog ng kanyang buhay upang tubusin ang lahat.**

**Siya ang katunayan ng banal na layunin ng Diyos at nahayag sa takdang panahon. Dahil dito, ako'y hinirang na mangangaral, apostol at tagapagturo ng pananampalataya at ng katotohanang ito sa mga Hentil. Katotohanan ang sinasabi ko, hindi ako nagsisinungaling.**

**Ibig kong ang mga lalaki sa lahat ng dako'y manalanging may malinis na kalooban, walang hinanakit o galit sa kapwa.**

Ang Salita ng Diyos.
*B*– **Salamat sa Diyos.**

**Aleluya** *2 Cor 8:9*

***B*–Aleluya! Aleluya!**
**Si Kristo ay naging dukha upang tayo'y managana sa bigay n'yang pagpapala.**
**Aleluya! Aleluya!**

**Mabuting Balita** ***Lu 16:1-13***

*Ang talinghaga tungkol sa katiwalang di tapat ay hindi naglalayong purihin siya sa kanyang pandaraya, kundi para ganyakin tayong maging masikap na tulad niya. Dapat din tayong magsamantala sa mga pagkakataon at mga gamit para sa ating pagsulong na espirituwal.*

*P*– Sumainyo ang Panginoon.
*B* –**At sumaiyo rin.**
*P* –Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas
*B*– **Papuri sa iyo, Panginoon.**

**Noong panahong iyon, sinabi ni Hesus sa kanyang mga alagad, "May isang mayaman na may isang katiwala. Isinumbong sa kanya na nilulustay nito ang kanyang ari-arian. Kaya't ipinatawag niya at tinanong: 'Ano ba itong naririnig ko tungkol sa iyo? Isulit mo sa akin nang buo ang pangangasiwa mo sa aking ari-arian pagkat mula ngayon ay hindi na ikaw ang katiwala ko.'**

**Nawika ng katiwala sa sarili, 'Aalisin na ako ng aking panginoon sa pangangasiwa. Ano ang gagawin ko? Hindi ko kayang magbungkal ng lupa; nahihiya naman akong magpalimos. A! Alam ko na ang aking gagawin! Maalis man ako sa pangangasiwa, may tatanggap din sa akin sa kanilang tahanan.' Isa-isa niya ngayong tinawag ang mga may utang sa kanyang panginoon. Tinanong niya ang una, 'Gaano ang utang mo sa aking panginoon?' Sumagot ito, 'Sandaang tapayang langis po.' 'Heto ang kasulatan ng iyong pagkakautang. Dali! Maupo**

**ka't gawin mong limampu,' sabi ng katiwala. At tinanong naman niya ang isa, 'Ikaw, gaano ang utang mo?' Sumagot ito, 'Sandaang kabang trigo po.' 'Heto ang kasulatan ng iyong pagkakautang,' wika niya. 'Isulat mo, walumpu.'**

**Pinuri ng panginoon ang magdarayang katiwala dahil sa katalinuhang ipinamalas nito. Sapagkat ang mga makasanlibutan ay mas mahusay gumawa ng paraan kaysa mga maka-Diyos."**

**At nagpatuloy si Hesus ng pagsasalita, "Kaya't sinasabi ko sa inyo: gamitin ninyo sa pakikipagkaibigan ang kayamanan ng sanlibutang ito. Maubos man ito'y may tatanggap naman sa inyo sa tahanang walang hanggan. Ang mapagkakatiwalaan sa maliit na bagay ay mapagkakatiwalaan din sa malaking bagay; ang magdaraya sa maliit na bagay ay magdaraya rin sa malaking bagay. Kung hindi kayo mapagkatiwalaan sa mga kayamanan ng sanlibutang ito, sino ang magtitiwala sa inyo ng tunay na kayamanan? At kung hindi kayo mapagkatiwalaan sa kayamanan ng iba, sino ang magbibigay sa inyo ng talagang para sa inyo? Walang makapaglilingkod nang sabay sa dalawang panginoon. Sapagkat kapopootan niya ang isa at iibigin ang ikalawa, paglilingkuran nang tapat ang isa at hahamakin ang ikalawa. Hindi ninyo mapaglilingkuran nang sabay ang Diyos at ang kayamanan."**

Ang Mabuting Balita ng Panginoon.

***B* – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.**

### Homiliya

### Sumasampalataya

***B*** – Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen.

### Panalangin ng Bayan

***P*** – Tungkulin nating gamitin ang mga kaloob ng Diyos at mga pagkakataon sa buhay nang buong husay at nang may malawak na pananaw. Magpakumbaba tayong manalig at idalangin natin ang tulong ng Diyos sa lahat ng ating mga adhikain at gawain:

***B* – Panginoon, dinggin Mo kami!**

* Para sa Santo Papa at ibang mga pinuno ng Simbahan: Nawa'y hindi sila magsawa sa pangangaral ng katapatan sa pangangalakal, katarungan para sa mga dukha, at pangingibabaw ng mga espirituwal na pagpapahalaga sa kasaganaang materiyal. Manalangin tayo. ***B.***

* Para sa ating mga pinunong layko at lahat ng nanunungkulan: Nawa'y gamitin nila ang kanilang katungkulan sa pagtataguyod ng katarungan at kapakanang pangkalahatan sa halip ng pagsisikap para sa sariling kapakanan. Manalangin tayo. ***B.***

* Para sa lahat ng pinaghabilinan ng edukasyon ng kabataan: Nawa'y tupdin nila ang kanilang tungkulin na parang isang misyon at hindi para sa materiyal na pakinabang. Manalangin tayo. ***B.***

* Para sa mga tagapag-ingat sa pananalapi ng bayan: Nawa'y magsikap sila nang walang pagiimbot para sa ikagiginhawa ng mga dukha. Manalangin tayo. ***B.***

***P*** – Ama, ipagkaloob Mo sa aming pakinabangang mabuti ang mga pagkakataon sa buhay na ito alang-alang sa "piging na walang maliw" na inihanda Mo sa langit para sa amin. Isinasamo namin ito sa ngalan ng Panginoong si Hesus.

***B* – Amen.**

## PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

***P*** – Manalangin kayo . . .

***B* – Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

### Panalangin ukol sa mga Alay

***P*** – Ama naming Lumikha, maawain mong kalugdan ang mga alay ng iyong sambayanan upang ang ipinahahayag namin nang may pananampalatayang matibay ay aming tanggapin sa banal na pakikinabang sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B* – Amen.**

### Prepasyo V

***P*** – Sumainyo ang Panginoon.

***B* – At sumaiyo rin.**

***P*** – Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.

***B* – Itinaas na namin sa Panginoon.**

***P*** – Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos.

***B* – Marapat na siya ay pasalamatan.**

***P*** – Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan.

Ikaw ang lumikha sa tanan. Ikaw ang nagtakdang magkaroon ng gabi at araw, gayundin ng tag-init at tag-ulan. Ikaw ang humubog sa tao bilang iyong kawangis na mapagkakatiwalaang mangasiwa sa daigdig. Ikaw ngayo'y pinaglilingkuran sa pagganap sa pananagutan ng iyong pinagtitiwalaan sa pamamagitan ng Anak mong mahal.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

***B*** – **Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan.**

**Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan.**

### Pagbubunyi

***B*–Si Kristo ay gunitaing sarili ay inihain bilang pagkai't inuming pinagsasaluhan natin hanggang sa siya'y dumating.**

## PAKIKINABANG

***B*– Ama namin . . .**
***P*–** Hinihiling namin . . .
***B*– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman. Amen.**

### Paanyaya sa Kapayapaan

### Paghahati-hati sa Tinapay

***B*– Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)**

**Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayaan.**

### Paanyaya sa Pakikinabang

***P*–** Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
***B*– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

### Antipona ng Pakikinabang

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Binigay mong mga utos para sundin nang malugod, kaya't iyong itaguyod landas ng puso ko't loob, nang utos mo ay masunod.**

***(Sal 119:4-5)***

### Panalangin Pagkapakinabang

***P*–**Ama naming mapagmahal, kaming pinapagsalo mo sa banal na pakikinabang ay patuloy mong kaawaan at tulungan upang ang aming tinanggap ay siya nawang umiral sa pamumuhay namin sa araw-araw bunga ng iyong pagtubos na aming ipinagdiriwang sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B*– Amen.**

## PAGWAWAKAS

***P*–**Sumainyo ang Panginoon.
***B*–At sumaiyo rin.**
***P*–**Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. *(Manahimik sandali.)*
–Iadya nawa kayo ng Diyos sa lahat ng masama at pagyamanin kayo sa habag at pang-unawa sa kapwa.
***B*–Amen.**
***P*–**Maghari nawa ang Kanyang Salita sa inyong mga puso at puspusin kayo ng kagalakang walang hanggan.
***B*–Amen.**
***P*–**Magpatuloy nawa kayo sa gawang mabuti't magaling hanggang makamit ang inyong gantimpala sa langit.
***B*–Amen.**
***P*–**Pagpalain nawa kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.
***B*–Amen.**
***P*–**Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalin at paglingkuran ang Panginoon.
***B*–Salamat sa Diyos.**

# PANGANGASIWA, PANGANGALAGA

*Kalakbay at Katoto*

**Hindi nalalayo sa katotohanang nagaganap sa ating panahon ang mga binabanggit ni propeta Amos.** Sa dami ng mga imbestigasyong naganap sa Senado at Kongreso sa nakaraang 20 taon sa bayan natin, tila mga barya at sencillo lamang ang ipinuputok ng damdamin ni Amos. Sa paulit-ulit na balitang lumalabas sa mga pahayagan at sa telebisyon at radyo, hindi sikreto sa lahat na walang pagtitiwala ang marami sa mga namumuno at nanunungkulan (daw) sa bayan. Hindi rin kaila na palasak ang lahat ng uri ng katiwalian, mapaloob o mapalabas man ng pamahalaan, sa lahat ng antas, sa lahat ng dako at sulok ng ating bayan. Pati ang tinamaan ng jueteng na bagong jueteng (scatter o onling gambling) ay patuloy pa ring namamayagpag.

Pakinggan natin at tumbukin agad ang kalooban ng Diyos tungkol sa bagay na ito: *"Hindi ko na maipatatawad ang masasama nilang gawa."* (Unang Pagbasa)

**Subali't ang mensahe ng Banal na Kasulatan ay wala sa mga pira-pirasong linya o taludtod, kundi nasa kabuuan ng kasulatan**. Sa kabila ng katotohanang hindi kaaya-aya sa Diyos ang lahat ng uri ng katiwalian at panlalamang, nananatili ang matimyas na pagmamahal ng Diyos sa mga makasalanang tulad natin. Patuloy Siyang nananawagan at nagsusumamo, tulad ng pagsusumamo ni Pablo apostol sa atin: *"ipinakikiusap kong paabutin ninyo sa Diyos ang inyong kahilingan, panalangin, pamanhik, at pasasalamat para sa lahat ng tao."*

**Sa araw na ito, natatangi sa "lahat ng**

WORD AND LIFE PUBLICATIONS
**Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila**
***Postal Address:*** P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
***Tel. Nos.*** 8894-5401; 8475-8945 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word And Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. R. De Guzman, Fr. C. Dimaranan, V. David, R. Molomog, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Circulation:*** R. Saldua

**tao" na binabanggit ni Pablo ang mga may panunungkulan – ang mga nangangasiwa, ang mga nangangalaga, ang mga pinuno ng bayan, ang mga pastol ng Simbahan, ang mga naghahawak ng posisyon sa lipunan**.

Di kaila sa atin kung gaano katuso ang marami sa kanila. Di kaila sa atin na matapos makatikim ng kapangyarihan, ang mga dating simpleng tao ay nag-iiba, matapos mabahiran ng dungis ng unti-unting pagmamalabis. Sa haba ng tinatawag nilang "paglilingkod sa bayan," marami sa kanila ay ay mabilis na natuto kung paano mandambong, mangulimbat, magsamantala, at manlamang sa mga taong walang kamuang-muang. Hindi ba't ito ang dahilan kung bakit 89 na lalawigan sa Pilipinas ay hawak ng mga dinastiyang pamilya?

**May mataginting na mga aral para sa ating lahat ang pagbasa natin ngayon. Una: palasak ang kasalanan sa mundo … palasak ang katiwalian sa lahat ng antas ng lipunan. Ikalawa: hindi ito ang panghuling kabanata ng kasaysayan ng tao na nilikha ng Diyos sa Kanyang wangis at anyo**. *"Ito ang mabuti at nakalulugod sa Diyos na ating Tagapagligtas na ang ibig ay maligtas ang lahat ng tao at makaalam ng katotohanan."*

**Nguni't ang ikatlo ay lubhang mahalaga. Dapat nating pagsikapan na tularan ang karunungang ginamit ng mayamang may katiwala sa kwento natin sa Mabuting Balita**. Dapat tayong maging "tuso" sa magandang paraan, upang gumawa ng kabutihan. Ang pagiging tuso ay isang kakayahang nagkukubli sa pagkatao nating lahat. Lahat tayo ay mga supling ni Adan at ni Eba, na may kakayahang gamitin ang talino at galing para sa kasamaan at sa kabutihan.

Sa mga naganap kamakailan, sa mga naganap na matagal na, at sa mga nagaganap pa sa ating panahon, malinaw na higit na nabibigyang-pansin ang madilim na bahagi ng ating pagiging bayan. Hindi nagiging balita ang kabutihang nangyayari saanman. Ang nabebentang balita ay yaong may kinalaman sa bagay na nakahihiya, nakagugulantang, nakabibigla, at nakaeeskandalo.

**Iisa ang tinutumbok ng mga mahahalagang aral na ito**. Tulad ng Diyos na pastol, gabay, at Ama, tinatawagan tayong matutunan ang pananagutan sa likod ng dalawang tungkuling nakaatang sa balikat natin bilang tagasunod ni Kristo: **ang pamumuno ay may kinalaman sa pangangasiwa at pangangalaga**. At para magampanan ito, kailangan natin ng karunungang nagmumula sa langit, karunungang mula sa Diyos.

## PANALANGIN NG MGA KATEKISTA

Makapangyarihang Ama,
Kami, iyong mga katekista, ay dumudulog sa Iyo.
Sa gitna ng magulo't di mapakaling mundo
Kami ay gawin banal at pagpalain Mo.
Kami ay pinili Mo
upang maging alingawngaw
ng Iyong Salita.

Panginoong Hesus,
pag-isahin Mo kami sa Iyo
nang lubusan,
sapagkat kami ay Iyung-iyo.
Nawa'y patuloy kaming humugot
nang malalim na malasakit
mula sa Iyong kamatayan sa krus
at muling Pagkabuhay
para sa kaligtasan ng sanlibutan.

Halina, Espiritu Santo,
aming Gabay at Liwanag.
Kami ay palagi Mong samahan.
Nawa'y maipadama namin
ang pag-ibig para sa mga tao ngayon,
sa pagiging alingawngaw ng Iyong pag-ibig.

Maria, Ina at Huwaran ng mga katesista,
panatilihin Mo kaming tapat sa aming
bokasyon.
Nawa'y pagnilayan namin nang tulad Mo,
ang Salita ng Diyos sa aming mga puso,
at ang aming Pananampalataya
ay maisabuhay nang gaya Mo.

San Lorenzo Ruiz, ipanalangin mo kami.
Amen.